<i>Pagbabago ng porma, dahilig (slope) at geomorphology sa ilalim ng lupa ng lugar</i> Ang patuloy na operasyon ng quarry ay nagdulot ng malaking pagbabago sa orhinal na porma, dahilig at heomopolohiya sa ilalim ng lupa. Ang orihinal na porma ay magiging uka-uka pagkatapos ng operasyon ng quarry. Parte ng rehabilitasyon ang pagba-backfill ng mga uka para magkaroon ng pantay na topograpiya.		✓	✓	✓	• Ang RTNMC ay kailangang sundin ang napagkasunduang quarry plan kung saan mayroong incremental quarry development at progresibong rehabilitasyon para mabawasan ang ground disturbance • Pagpapanatili ng vegetation cover sa mga buffer zones at mga daanan at quarry area
<i>Pagpasok sa Environmentally Critical Areas (ECA)</i> Ang lokasyon ng proyekto ng RTNMC ay kabilang sa ECA dahil sa dalawang rason: una, ang lugar ay mayroong endangered flora species; pangalawa, ito ay pinamamahayan ng Indigenous People (IP). Ngunit ayon sa Free and Prior Informed Consent (FPIC) at Certificate of Ancestral Domain Title (CADT), walang conflicting tenurial/land issues sa loob ng MPSA. Kailangang bigyan ng pagpapahalaga ang Palawan dahil isa itong kritikal na lugar na marami ang biodiversity. Caves/sinkholes Ang maraming kweba at sinkhole sa loob ng MPSA ay naipakita dahil sa topographic depressions (Figure 2.1.2). Ang saklaw ng karst features na ito ay		✓	✓		• Ang RTNMC ay kailangang sundin ang napagkasunduang quarry plan kung saan mayroong incremental quarry development at progresibong rehabilitasyon para mabawasan ang ground disturbance • Pagpapanatili ng vegetation cover sa mga buffer zones at mga daanan at quarry area

Listahan ng Epekto	Phase Occurrence				Options for Prevention or Mitigation or Enhancement
	Pre-Construction	Construction	Operation	Abandonment	
hindi madami ngunit hindi naman ito kita sa mapa na 1:50,000. Ito ay maaaring dahil ang limestone ay limitado sa parehong patindig at pahigang hangganan at ang ay hindi pa apektado ng pagkakatatunaw kaya limitado din ang pagkakabuo ng sinkhole. Para matugunan ang potensyal na pagkasira ng groundwater, mas mabuti na lang na iwasan ng kumpanya ang mga lugar na ito.					
Possible tenurial land issues* Walang conflicting tenurial/land issues sa loob ng MPSA ayon sa FPIC at CADT.					
GEOLOGY/GEOMORPHOLOGY					
<i>Pagbabago ng porma, dahilig (slope) at geomorphology sa ilalim ng lupa ng lugar</i> Ang patuloy na operasyon ng quarry ay nagdulot ng malaking pagbabago sa orhinal na porma, dahilig at heomorpholohiya sa ilalim ng lupa. Ang orihinal na porma ay magiging uka-uka pagkatapos ng operasyon ng quarry. Parte ng rehabilitasyon ang pagba-backfill ng mga uka para magkaroon ng pantay na topograpiya.		✓	✓		• Ang RTNMC ay kailangang sundin ang napagkasunduang quarry plan kung saan mayroong incremental quarry development at progresibong rehabilitasyon para mabawasan ang ground disturbance • Pagpapanatili ng vegetation cover sa mga buffer zones at mga daanan at quarry area • Pagpapanatili ng 50m buffer zone sa paligid ng bukana ng Gray Cave at iba pang kweba sa quarry area. Ang mga buffer zone na ito ay lalagyan ng tanda at hindi isasama sa mga aktibidad sa quarry para mapangalagaang ang mga kweba at mga organismo sa loob nito.
Inducement of subsidence, liquefaction, landslides* Nagkakaroong ng liquefaction sa mga lugar na seismically active areas at napapailalaman nang makapal na deposito ng unconsolidated sand and silt. At dahil ang Palawan ay hindi seismically active walang makapal na deposito ng unconsolidated sand and silt sa paligid ng lugar, ito ay hindi apektado ng liquefaction at paglubog ng lupa. Ngunit maaring maganap ang pagguho ng lupa tuwing malakas ang ulan.		✓	✓		• Para sa potensyal na pagguho, siguraduhin ang istriktong implimentasyon ng at pagsunod sa safety and health program • Siguraduhin na lahat ng manggagawa at contractor ay maayos na napaalalahanan tungkol sa ERPP at madalas na paggawa ng emergency drills
PEDOLOGY					
<i>Soil erosion</i> Base sa Composite Erosion Susceptibility Decision Rule of Bruce (1982), ay lugar ay "moderately susceptible to erosion"; Ang dahilig ng lugar ay 3-5% na		✓	✓		• Ang RTNMC ay kailangang sundin ang napagkasunduang quarry plan para limitahan ang lawak ng nakalabas na lupa • Pagpapanatili ng stormwater collection system (interceptors, drains, berms and siltation ponds) at pagpapatayo ng erosion control structures

Listahan ng Epekto	Phase Occurrence				Options for Prevention or Mitigation or Enhancement
	Pre-Construction	Construction	Operation	Abandonment	
sinasabing “slightly susceptible to erosion”. May iba pang dahilan kaya nagiging “moderately susceptible to erosion” ang kategorya sa lugar. Ang ulan ang maaaring anurin ang lupa sa mga drainage system ng quarry area na makakaaapekto sa nutrisyon ng lupa sa lugar. Ito ay sinasabing malaki ang epekto at pangmatagalan kung walang gagawin upang ito ay mabawasan.					
Loss of top soil Ang tuloy-tuloy na operasyon ng quarry site ay nagreresulta ng kawalan ng top soil. Ang epekto nito ay hindi maiiwasan.		✓	✓		- Maayos na stockpiling ng recovered topsoil kung hindi posible na ito ay magamit ulit agad. - Paggamit ng lokal na species ng mga halamang native para sa rehabilitasyon. Hangga’t maaari, ang gagamitin ay kapareho ng vegetation type na mayroon bago magsimula ang quarry. Importante rin na ang mga lokal na binhi at punla at nasa taas ng lupa para sa susunod pang revegetation.
Soil contamination with oil and grease Ang expansion ay mangangailangan ng karagdagang equipment at sasakyan na gumagamit ng oil and grease. Ang pagtaas ng arawang produksyon ay nagreresulta sa palagiang hauling ng minina galing Gotok Quarry papuntang crushing plant. Magkakaroon ng kontaminasyon ng lupa ng oil and grease ay maaaring mangyari kapag hindi nakontrol.		✓	✓		- Pagpapanatili ng mga sasakyan at kagamitan sa loob ng motorpool - Regular na pagpapanatili ng imbakan ng hazardous wastes katulad ng gamit na langis at oil filter - Regular na pagpapanatili ng oil and water separator - Maayos paghawak at paglilinis ng langis sa motorpool - Paggamit ng auto shut off valves habang nagkakarga ng langis.
Siltation of drainage systems Ang pagdami ng arawang produksyon ay nagreresulta ng siltation sa mga drainage system sa loob ng quarry area at sa kahabaan ng hauling route. Mas magiging kapansinpansin ang siltation at sedimentation sa downstream ng quarry tuwing tag-ulan. Ito ay nagreresulta sa deposisyon ng mga materyales sa downstream, sa mga tabing-ilog, at sa karagatan. Ito ay sinasabing malaki ang epekto at pangmatagalan kung walang gagawin upang ito ay mabawasan.		✓	✓		- Pagtatayo ng sapat na bilang ng diversion canals, interceptors, drains, and berms para mailihis ang daloy ng tubig sa mga lugar na maaaring magkaron ng erosion - Regular na inspeksyon ng erosion control structures, drainage channels, culverts and siltation ponds
Generation of solid and hazardous waste Ang mga basura ay nalilikha galing sa mga opisina, townsite at iba pang lugar kung saan ang operasyon ay nagaganap.			✓	✓	Pagpapalawig ng implementasyon ng Solid Waste Management Program sa loob ng quarry, planta at townsite

Listahan ng Epekto	Phase Occurrence				Options for Prevention or Mitigation or Enhancement
	Pre-Construction	Construction	Operation	Abandonment	
Ang epekto nito ay sa biswal na halaga ng lugar at maaaring makapagdala ng mga sakit sa ospital RTN kung hindi maaayos ang pagtatapon. Hazardous waste kasama ang gamit na langis, baterya at pundidong bumbilya ay nanggagaling sa operasyong pang-administrasyon, ospital at townsite. Hindi tamang pagtatapon ng basura ay maaaring makakontamina ng drainage system sa lugar.					
Conversion of soil and rock materials to high valued products Ang pangunahing epekto ng proyekto ay ang pagbabago ng apog galing sa lupa papuntang nagagamit at kapakipakinabang na produkto. Ang pagmimina ay nagreresulta ng pagbabago ng mababang halagang materyales para maging mataas na halagang produkto. Ang epektong ito ay habang operasyon lamang.			✓		
TERRESTRIAL BIOLOGY					
Threat to abundance and/or loss of important local flora and fauna species Ang epekto ng Gotok Limestone Quarry sa flora biodiversity ay pagkatanggal at pagkawala ng tirahan, pagkawala ng mga importanteng species at banta sa dami at distribusyon ng importanteng lokal na species. Ang mga epektong ito ay nakasentro sa mga lugar na pagpuputol ng puno sa loob ng MPSA. Ang lawak ng pagpuputol ng puno ay aabot ng 10.6 ektarya. Ang quarrying ay isang halimbawa ng open-pit mining na nagtatanggal ng surface (and subsurface) kasama ang mga halaman. Ang pagpuputol ng mga puno at pagtatanggal ng mga halaman ay nagreresulta sa pagkasira ng tirahan kasama ang roosting at feeding sites mga hayop. Ang karamihan sa MPSA para sa Gotok Quarry ay mga resident at endemic species ng ibon, mammals at herps. Ang pagkawala mga puno at halaman ay nagreresulta sa pagkawala ng mga species. Ang pagkawala ng orihinal na mga halaman ay nagreresulta sa padami ng		✓	✓		• Ang paglilipat ay importante sa mga threatened plant species. Ang mga halamang galing nursery ay itatanim sa mga buffer zone pati sa reforestation area. • Pagpaparami ng threatened and ecologically important tree species na matatagpuan sa lugar. Ito ay pwedeng gawing flagship species ng RTNMC at maaaring isama bilang bahagi ngistratehiya ng kumpanya sa biodiversity conservation.

Listahan ng Epekto	Phase Occurrence				Options for Prevention or Mitigation or Enhancement
	Pre-Construction	Construction	Operation	Abandonment	
alien at invasive species ng halaman at hayop. Kaya, kapag tapos na ang proyekto, ang mga ito ay dadami ay hindi sigurado kung kailang babalik ang mga orihinal na hayop at halaman sa lugar. Ang pagkawala ng tirahan dala ng pagpuputol ng puno ay nagreresulta sa pagbaba ng bilang ng populasyon at species ng wild fauna lalo na ang mga naninirahan sa kagubatan at puno. Volant mammals ay hindi apektado kung ang burol kung saan ang mga kweba ng Maginhawa at Inugon ay matatagpuan ay hindi magagalaw. Ang sapa sa kanlurang bahagi ay matatabunan ng lupa dahil sa erosion na dala ng quarrying. Ito ay makaaapekto sa tirahan ng mga amphibians (na karamihan ay mga palaka). Ang pagkakaroon ng <i>Hoplobatrachus rugulosus</i> sa sapa malapit sa kweba ng Maginhawa ay nagdudulot ng panganib sa endemic at indigenous species sa lugar.					
Hindrance to access to wildlife Ang pagpuputol ng mga puno at pagtatanggal ng halaman ay makakaapekto sa paggalaw ng mga wildlife species lalo na mga naninirahan sa mga puno at lupa. Magkakaroon rin ng pagkasira ng tirahan. Ang mga unggoy ay naobserbahan sa Transect 1 at Transect 3 ngunit hindi sa Transect 2 na napapagitnaan ng dalawang transect. Ang tanging naguugnay sa Transect 1 at Transect 3 ay mga puno. Kung ang mga ito ay mapuputol, ang paghahanap ng pagkain ng mga unggoy ay tanging sa Transect 1 na lamang. Sa mga naninirahan sa lupa, ang mga hayop ay hindi makakagalaw mula sa isang lugar patungo sa isa pang lugar kung walang vegetation cover. Sila ay nanganganib sa dessication e.g. frogs and toads. Ang pagkawala ng daanan ay nagreresulta sa pagkawala ng mga species. Sa pagtagal, alien o mga invasive species ang darami kaysa sa mga native at endemic na hayop.					• Pagpuputol ng puno kada seksyon para bigyan ng oras ang mga hayop para makapag-adapt sa mas angkop na tirahan,
HYDROLOGY AND HYDROGEOLOGY					
Change in drainage morphology Ang lawak ng Gotok Limestone Quarry			✓		• Pagtatayo ng diversion canals para dumaloy ang surface runoff sa dalawang silt collector sumps na nasa paligid ng quarry.

Listahan ng Epekto	Phase Occurrence				Options for Prevention or Mitigation or Enhancement
	Pre-Construction	Construction	Operation	Abandonment	
Project ay limitado sa naaprubahang 13 hektarya sa loob ng MPSA.					
<i>Change in stream depth</i> Ang river bed sa downstream na bahagi ng Ilog ng Ocayan ay maaaring maapektuhan ng operasyon dahil sa mga gawain sa lupa.			✓		• Pagpapanatiling maayos ng mga collector sumps sa lugar
<i>Inducement of flooding</i> Base sa 100-year Flood Return modeling, ang lalim ng pagbaha sa hilaga at silangan ng proyekto ay inaasahang bababa dahil sa dibersiyon ng agos na dapat ay sa quarry pupunta kung sakaling wala ang proyekto. Maaaring magkaroon ng pagbaha sa timog at timog-kanlurang bahagi ng MPSA <i>Considering climate change scenario</i> Ang climate change projections ng PAGASA ay nagsasabi nang pagdami ng ulan tuwing tag-ulan at pagkaunti tuwing tag-init. Ang paglakas ng ulan ay maaaring makadagdag sa tsansa ng pagbaha.			✓	✓	• Patuloy na pagpapanatiling maayos ng drainage channels at sediment control structures sa loob ng quarry
<i>Depletion in water resources/competition in water use</i> Ang pagdami ng produksyon ng quarry ay walang epekto sa magagamit na tubig sa lugar dahil ang Gotok ay maliit lamang at ang groundwater recharge ay nanggagaling sa direct rainfall infiltration. Walang kumpetensiya sa paggamit ng tubig sa lugar dahil walang balon sa paligid ng quarry at ang pinaggagalingan ng tubig ng mga residente ay galing sa Level II water system ng RTNMC at CBNC;					
WATER QUALITY					
<i>Deterioration of water quality</i> <i>Rio Tuba River</i> Ang Ilog ng Rio Tuba ay saluhan ng industriyal at domestic waste sa lugar. Ang crushing plant ay naglalabas ng 313,200 m ³ wastewater kada taon. Ito ay papunta sa settling pond patungo sa Ilog ng Rio Tuba matapos madaanan ang Upper Kinurong at Lower Kinurong settling ponds.			✓		• Pagtatayo at pagpapanatili ng siltation pond para sa wastewater na manggagaling sa crushing plant • Regular na paglilinis ng drainage system sa loob ng mga opisina at motorpool area

Listahan ng Epekto	Phase Occurrence				Options for Prevention or Mitigation or Enhancement
	Pre-Construction	Construction	Operation	Abandonment	
Ang pagdaloy ng ilog ay nakakatulong sa paglilinis nito. Ngunit ang mga proseso ay nagdedeposito ng organic matter sa ilalim ng ilog at nagpapataas ng sedimentation rate. Ang benthos ay karaniwang kaunti sa tubig na brackish dahil sa mabilis na deposition rate. Bilang catch basin, ang mga nutrisyon na dahilan ng pagdami ng plankton ay napupunta sa ilog. Ang pagdami ng mga nutrient ay nagpapadami sa tsansa ng algal bloom. Ito rin ay magiging dahilan ng pagkamatay ng mga isda. <i>Oning Spring</i> Ang kalidad ng tubig na dumadaloy sa paligid ng quarry ay hindi makararanas ng masamang epekto dahil ang surface runoff galing quarry ay hindi aabot ditto. Ang surface runoff ay nakukolekta sa dalawang (2) silt collector ponds at napupunta na sa ilalim ng lupa.					
<i>Increase in surface run-off and sedimentation of surface water bodies</i> Ang operasyon ng quarry ay nagresulta sa malaking pagbabago ng porma ng lupa. Sa patuloy na operasyon, inaasahan na ang mga sediments ay makadaragdag sa surface run-off at erosion, na magiging dahilan ng siltation ng malalapit na anyo ng tubig. Stockpiled soil at iba pang waste materials ay susceptible to erosion kapag malakas ang ulan.			✓		• Re-evaluation ng disenyo ng stormwater collection system at pagtatayo ng karagdagang components kung kailangan • Regular na monitoring ng mga drainage facilities at siltation pond(s) lalo na tuwing tag-ulan • Regular na paglilinis ng drainage channels ng sediments at debris na makakapigil sa pagdaloy ng tubig • Istriktong implementasyon ng quarry plan
<i>Contamination of water resources from oil and grease</i> Ang proyekto ay mangangailangan ng karagdagang sasakyan na gagamit ng langis. Ang pagdagdag ng produksyon ay nagreresulta sa madalas na hauling ng mined ore galing Gotok Quarry papuntang crushing plant. Kontaminyasyon ng mga ilog ng oil and grease ay maaaring magresulta.			✓		• Maayos na material handling at equipment maintenance • Maayos na handling at paglilinis ng langis sa motorpool site at sa contractor's area
FRESHWATER ECOLOGY					
<i>Threat to existence and/or loss important local species and</i> <i>Threat to abundance, frequency and distribution of freshwater species</i> Walang importanting species sa Oning			✓		• Pagtatayo at pagpapanatili ng siltation pond para sa wastewater na manggagaling sa crushing plant

Listahan ng Epekto	Phase Occurrence				Options for Prevention or Mitigation or Enhancement
	Pre-Construction	Construction	Operation	Abandonment	
ang nanganganib sa pagdami ng produksyon ng Gotok Limestone Quarry. Ngunit ang pagdami ng wastewater galing settling ponds ay maaaring makaapekto sa algal bloom sa ilog ng Rio Tuba					
METEOROLOGY					
<i>Change in local climate</i> Ang pag-ulan sa Palawan (>200 mm) ay darami ng 250% sa taong 2020 at 2050. Ang pinakalamaking pagdami ay magreresulta sa pagbaha sa quarry dahil ang inaasahang pagtatapos ng mga gawain sa quarry ay sa taong 2022. Ang epekto ay panandalian lamang na mangyayari tuwing malakas ang ulan.			✓		• Progresibong rehabilitasyon ng vegetation sa buffer zones • Re-evaluation ng disenyo ng stormwater collection system at pagtataqyo ng karagdagang components kung kailangan • Regular na monitoring ng mga drainage facilities at siltation pond(s) lalo na tuwing tag-ulan • Regular na paglilinis ng drainage channels ng sediments at debris na makakapigil sa pagdaloy ng tubig • Istrikong implementasyon ng quarry plan
GREENHOUSE GAS EMISSION					
<i>Contribution in terms of Greenhouse Gas Emission</i> Dahil sa karagdagang pangangailangan ng heavy equipment para sa proyekto, ang emisyon ng GHG ay inaasahan na lalaki. Progresibong rehabilitasyon ng vegetation sa buffer zones ay gagawin para sa sequestration ng dagdag na emisyon ng GHG emissions galing sa pagdami ng sasakyan at heavy equipment. Regular na maintenance ng lahat ng heavy equipment ay kailangan.			✓		• Progresibong rehabilitasyon ng vegetation sa buffer zones
AIR QUALITY AND NOISE LEVEL					
<i>Degradation of air quality</i> Magkakaroon ng pagbaba ng kalidad ng hangin dahil sa pagdagdag ng produksyon ng prokyetong Gotok Limestone Quarry sa pamamagitan ng pagdami ng alikabok at pagtaas ng konsentrasyon ng SO _x and NO _x sa minahan at haul roads			✓		• Pagpapanatiling vegetative cover sa quarry • Pagtatayo ng windbreakers sa quarry at sa paligid ng crushing plant para maiwasan ang pagkalat ng alikabok kapag mahangin. • Implementasyon ng mas mababang drop height kapag limestone loading at paglimita sa bilis ng service vehicles, hauling trucks at iba pang heavy equipment • Regular na water spraying lalo na sa hindi sementadong haulage route • Pagtatakip ng hauling trucks ng tarpaulin o canvas para maiwasan ang pagkalat ng alikabok • Pagtatayo ng tire-washing platform sa Kulantuod junction
<i>Increase in ambient noise level</i> Ang pagdami ng produksyon ay may kaakibat na pagdami ng sasakyan at mga aktibidad sa paligid ng minahan at crushing plant. Inaasahan ang pagtaas ng lebel ng ingay. Ang mga residente sa			✓		• Pagpapanatili ng vegetation malapit sa quarry para magsilbing noise barrier • Wastong vehicle and heavy equipment maintenance • Maayos na scheduling ng equipment operation para maiwasan ang istorbo sa malapit na komunidad.

Listahan ng Epekto	Phase Occurrence				Options for Prevention or Mitigation or Enhancement
	Pre-Construction	Construction	Operation	Abandonment	
tabi ng hauling route ay direktang maaapektuhan ng ingay galing sa mga sasakyan. Mataas din ang ingay na maaaring maidagdag ng pagpapasabog gamit ang dinamita at ANFO (Ammonium nitrate/Fuel oil) pati na rin hole drilling operation. Ang pagpapasabog ay gagawin isang beses isang linggo habang ang hole drilling ay gagawin sa mga non-active benches para sa susunod na pagpapasabog. Ang bilang ng heavy equipment na gagamitin sa operasyon (drilling, blasting, stockpiling, loading at hauling) katulad ng backhoes, wheel loaders, bull dozer, breaker, drilling equipment, at dumptruck ay daragdagan para masuportahan ang pagdami ng produksyon na 725,000 MT. Ito ay nagreresulta sa pagtaas ng ambient noise level hindi lamang sa lugar kundi pati na rin sa kalapit na komunidad.					Maayos na monitoring ng lebel ng ingay lalo na tuwing mag blasting sa paligid ng quarry at malapit na komunidad.
SOCIO-ECONOMICS					
Displacement of settlers					
<i>Barangay Rio Tuba</i> – Ang pagdami ng mga migranteng naghahanap ng trabaho at kabuhayan na gawa ng minahan ay nagresulta sa mabilis na urbanisasyon ng Rio Tuba noon 1996 hanggang ngayon. Mayroong populasyon ang Rio Tuba noong 2000 na 7,663 na dumoble noong 2010 at naging 16,577. Ang pangangailangan para sa matitirhan ay nagresulta sa pagtaas ng halaga ng lupa sa Rio Tuba lalo na sa Macadam Road. Ang pagtaas ng halaga ng lupa ay naobserbahan din sa katabing barangay ng Sumbiling, Ocayan, Sandoval at Igang-Igang. <i>Barangay Iwahig at Sandoval</i> - Ang 84.5-ektaryang MPSA sakop ang Gotok Quarry area (na nasa mga Brgy. Iwahig at Sandoval) ay hindi tinitirhan at ang expansion ng quarry ay hindi magpapaalis ng kahit anong uri ng naninirahan doon. Ang mga nagmamay-ari ay binayaran nang kumpanya bago nagsimula ang operasyon at walang isyu kaugnay sa pagbili ng lupa sa buong MPSA. Ang mga karatig lugar ay sakahan at tinataniman ng niyog at bigas. Ang mga tanim na ito ay patuloy na pinapatubo at					

Listahan ng Epekto	Phase Occurrence				Options for Prevention or Mitigation or Enhancement
	Pre-Construction	Construction	Operation	Abandonment	
walang naiulat na masamang epekto ng quarry sa sektor na ito. Alam ng RTNMC na ang kanilang operasyon ay magresulta sa pagdami ng pangangailangan sa tirahan para sa kanilang manggagawa. Maliban sa GK housing project na para sa mga IP sa lugar, ang mga regular na manggagawa ng RTNMC at CBNC ay binigyan ng libreng pabahay sa loob ng RTNMC Townsite o sa iba pang lugar. Bukod pa roon, ang supply ng tubig at kuryente ay subsidized. Ang operasyon ng minahan ay nagresulta ng karagdagang pangangailangan sa pabahay na natugunan ng pribadong sector lalo na sa Rio Tuba. Mayroong pansamantalang tirahan para sa mga kamag-anak na gusting magtrabaho sa minahan. Ang ilang kabahayan ay nagtayo ng kanilang sariling paupahan para sa mga casual workers at migrante. Mayroong posibilidad ng pagkakaroon ng informal settlement sa Sitio Marabajay, Rio Tuba at ito ay lumaki para sa dumaraming informal dwellers na gustong maranasan ang mga benepisyong dala ng RTNMC katulad ng trabaho, kabuhayan, at maayos na serbisyo. Ang RTNMC ay kailangang makipagtulungan sa LGU para sa pagdagsa ng informal dwellers para na rin mapanatili ang kaayusan. Sa kabuuan, ang RTNMC ay natutugunan ang pagdami ng pangangailangan sa tirahan na dala ng operasyon ng minahan pati na quarry sa pamamagitan ng IP housing program at in-house housing projects. Ang paglaki ng pangangailangan sa tirahan ay nagresulta sa pagpapatayo ng karagdagang bahay, pagremodel sa lumang bahay at pagbabago sa kanilang mga bahay para kumita nang mas malaking pera.					
Change/conflict in land ownership Walang pagbabago sa pagmamay-ari ng lupa dahil ang quarry area ay hindi tinitirahan.					
Cultural/ lifestyle change (especially on Indigenous People) Ang tribu ng <i>Palaw'an</i> sa Bataraza ay			✓		• Programa sa pagpreserba ng mga tribal practices • Pagsasagawa ng ethnographic study para maidokumento ang mga kultura at tradisyon

Listahan ng Epekto	Phase Occurrence				Options for Prevention or Mitigation or Enhancement
	Pre-Construction	Construction	Operation	Abandonment	
kailangang mamili kung sila ba ay mananatili sa bundok at limitahan ang pakikipagugnayan sa mga tagababa para maipreserba ang kanilang kultura o maging moderno ngunit mawawala ang kanilang tradisyon. Ang grupong etniko na <i>Palaw'an</i> IP ay nagtatamasa ng mga espesyal na benepisyo galing RTNMC at CBNC katulad ng Gawad Kalinga Project para sa libreng pabahay, libreng serbisyo medical at gamot sa Ospital ng RTN, at mga gamit sa pangangisda at pagsasaka. Sila ay mayroong ILS at prayoridad sa mga iskolarsyip na ibinibigay ng RTNMC. Mayroon din silang sariling alokasyon sa SDMP. Ayon sa mga FGD at KII, mayroong aktibong gawain ang mga matatanda ng mga tribu para mapanatili ang kanilang kultura sa pamamagitan ng pagbili sa kanilang mga instrumentong pangmusika at pagtuturo sa kabataan kung paano ito tugtugin. Mayroong mga GK areas na ang circular pattern ng mga Palaw'an ay nakikita at sumasalamain sa kanilang tradisyunal na spatial orientation.					• Pagpapatayo ng centralized tribal museum para sa cultural artifacts na itinatago ng mga tribe
<i>In-migration</i> Mayroong dalawang dahilan sa paglipat sa Bataraza. Ito ay kabuhayan at pamilya.			✓		• Prayoridad sa trabaho ng mga kwalipikadong lokal • Pagbibigay ng skills training para sa mga lokal na manggagawa • Maayos na record-keeping ng in-migration survey
<i>Threat to the delivery of basic services/resource competition</i> Positibong epekto ang mga programang nagawa ng RTNMC sa water supply, power supply, communications, health resources, peace and order, education facilities at recreational/sports facilities.			✓		• Pagbibigay ng adequate school facilities at educational materials; pagsasanay para sa mga guro
<i>Generation of local benefits (Employment)</i> Ang ilan sa mga benepisyo ng munisipalidad at mga apektadong barangay sa proyekto: - Pagkakaroon ng trabaho at pangkabuhayan - Dagdag na negosyo at mga gawaing pang-ekonomiya - Dagdag kita ng LGU dahil sa			✓	✓	• Prayoridad sa trabaho ng mga kwalipikadong lokal • Introduksyon ng mga proyektong pangkabuhayan (skills training para sa lokal na komunidad bilang parte ng SDMP) • Pagpapanatili ng rehabilitated infrastructure /facilities. • Pagbabayad sa oras

Listahan ng Epekto	Phase Occurrence				Options for Prevention or Mitigation or Enhancement
	Pre-Construction	Construction	Operation	Abandonment	
mga buwis					
Traffic congestion Ang paglaki ng produksyon ay kasama sa pagdami ng transport activities sa loob at paligid ng minahan akaya inaaasahan ang pagkakaroon ng traffic congestion.			✓		• Pagkakaroon ng flag man sa Kulantuod Junction • Pagpapanatili ng traffic aids at street sweepers
PUBLIC HEALTH Threat to public health and safety Ang pinaplanong pagpapalawak ng operasyon ng quarry ay nangangailangan ng karagdagang manggagawa ngunit ito ay makakaapekto sa kasalukuyang sistemang pangkalusugan sa Bataraza. Ang inaasahang pagdami ng trak aling sa quarry patungo sa crushing plant ng Rio Tuba ay magkakaroon ng epekto sa kalusugan ng mga mamamayan.			✓		• Pagpapabuti ng mga pasilidad ng Ospital ng RTN • Pagpapatuloy ng Health Monitoring Study • Pagsasagawa ng dust suppression katulad ng pagtatakip ng mga trak kapag hauling • Regular na watering ng haulage roads lalo na sa mga residential at office areas • Istrikong implementasyon ng paggamit ng Personal Protective Equipment (PPE) sa mga manggagawa • Siguraduhing maayos ang mga sasakyan at akma sa terrain. • Siguraduhin na ang mga taong gumagawa ng specialized tasks ay fully trained • Istrikong implementasyon ng safety protocols • Pagsasagawa ng training programs/drills para sa lahat ng mangagagawa (safe job procedures, basic firefighting procedures, good housekeeping, OHSAS Systems, emergency preparedness and response, defensive driving, and first aid) • Paglalagay ng signages sa mga accident-prone area • Walang operasyon kapag masama ang panahon • Maayos na seguridad at pag-iwas sa hazardous areas • Pagkakaroon ng well-ventilated work area • Pagpapabuti ng health facilities/services na para sa mga manggagawa • Pagpapatuloy ng pagmomonitor ng kalusugan ng mga manggagawa • Pagsasagawa ng regular na information campaign para sa kalusugan ng mga manggagawa at safety responses

Summary of the Performance Assessment

Land

Ang RTNMC ay nagsagawa ng earth balling activities, progressive rehabilitation program and maintenance of bufferzones sa paligid ng quarry area. Para mas lalong maging epektibo ang mga programa, ang mga karagdagang gawain ay nasa matrix of Impact Assessment and Mitigation (**Table ES10**).

Water

Para masigurado ang pagsunod sa mga environmental standards, isa sa mga mitigating measures na ginagawa ng kompanya ang paglalagay ng drainage canals papunta sa dalawang (2) collector sumps para mapigilan ang pagdaloy ng mga particles galing open area kapag malakas ang ulan. Ang mga ito ay nagsisilbing catch basin at hinahayaan ang infiltration pabalik sa lupa. Ang mga ito ay regular na nililinis para mapanatiling epektibo lalo na kapag malakas ang ulan na kung saan maraming tubig ang inaasahan.

Para sa assessment ng water quality monitoring data para sa Oning Spring (WQM1-Station 14) at Gotok Entry Tunnel (WQM2- Station 15), ang datos ay nagpapakita na ang pH at TSS ay nasa pamantayan ng DENR. Para mas mapaingting ang monitoring, nirerekomendang isama ang isa sa mga collector sumps na nasa timog kanlurang bahagi ng MPSA para maging water quality station para sa effluent. Ang sample ng effluent ay kokolektahin kapag mayroong overflow.

Air

Ang air quality monitoring ay nagpapakita na ang konsentrasyon sa parehong istasyon na nasa paligid ng quarry ay mas mababa sa pamanatayan ng DENR. Upang mas malaman ang epekto ng quarry pati kung epektibo ba ang mitigating measures, nirerekomendang isama ang GK Gotok, isang residential area, sa monitoring. Ang istasyon malapit sa crushing plant ay isasama din sa monitoring.

Ang kasalukuyang mitigating measures ay dapat na paigtingin bilang paghahanda sa karagdagang heavy equipment at mga sasakyan na gagamitin sa paglaki ng produksyon. Para mabawasan ang exceedance sa lebel ng ingay, ang mga equipment ay dapat paganahin kapag oras ng trabaho at ang blasting ay maayos na naiskedyul at naanunsyo para hindi makaistorbo sa mga malapit na komunidad. Ang bawat equipment ay may silencer.

People

Ang RTNMC, kasama ng CBNC, ay patuloy ns magsasagawa ng mga programang SDMP at non-SDMP sa 11 na barangay at 24 na komunidad ng ICC sa Bataraza.

Ang SDMP II ay mula 2009 hanggang 2013 at ang actual disbursements ay nagkakahalaga ng PhP 276.654 million. Ito ay pinaghatian ng CBNC. Ang RTNMC ay gumastos ng one third ng kabuuang halaga. Ang pinakamalaking gastos (PhP 93 million) ay sa edukasyon. Ito ay sinundan ng social services (PhP 76 million), livelihood programs (PhP 42 million) at health and sanitation (PhP 116 million). Hindi pa kasama sa halaga ng health and sanitation ang RTNFI hospital na may hiwalay na budget.

Maliban sa mga proyeto sa ilalim ng SDMP, ang RTNMC ay nagsasagawa rin ng mga non-SDMP program kasama ang CBNC para sa mga komunidad ng Bataraza. Ito ay galing sa corporate funds ng parahong kompanya at hiwalay sa SDMP. Ito ay isinasagawa ng RTNFI, isang pribadong foundation.

Para sa 2009 hanggang 2013, ang kabuuang halaga na ginastos para sa mga non-SDMP program ay PhP 686.507 million. Ang RTNMC ay gumastos ng one third ng kabuuang halaga.

Sa *Chapter 5* ng EPRMP, nirerekomenda ang mga proyekto para sa mga apektadong barangay na pwedeng gawin ng RTNMC.

5.0 PANUKALANG PLANO PARA SA PAGMOMONITOR

Para tiyakin ang pagiging epektibo ng mga mitigating measures at pagsunod ng pinaplanong proyekto sa mga batas pangkalikasan, ang panukalang Environmental Monitoring Program ay inilahad bilang **Table 6.1.1** sa *Chapter 6*.

6.0 CONTINGENT LIABILITY AND REHABILITATION FUND (CLRF)

Isang Memorandum of Agreement (MOA) ang pinirmahan noong ika- 28 ng Hulyo 2003 ng RTNMC, CBNC, MGB-IVB, Panlalawigang Pamahalaan ng Palawan, Pangmunisipalidad na Pamahalaan ng Bataraza, PCSD, mga residente ng Brgy. Rio Tuba, mga residente ng Sitio Gotok, mga residente ng Brgy. Iwahig, *Katutubong Palawan*, HARIBON Foundation, at Bataraza Christian Muslim Palawano Asso., Inc. (BACHRISMUPAL). Nilalaman ng MOA na alinsunod sa *Section 181* ng DENR Administrative Order (DAO), ang Mine Rehabilitation Fund (MRF) ay narapat na itatag. Ang kasalukuyang MRF ng RTNMC/CBNC ay may dalawang uri: Monitoring Trust Fund (MTF) at Rehabilitation Cash Fund (RCF).). Ang MTF na nakalaan para sa gastusin ng mga gawaing pang-monitor ay Php 50,000.00 at ang kasalukuyang halagang nakalagak sa Development Bank of the Philippines (DBP) ay 62,266.61.

Sa kabilang banda, ang RCF na para siguraduhin ang pagsunod sa napagkasunduang rehabilitation activities ay Php 5,000,000.00 at ang halangang kasalukuyang nakalagak sa bangko ay 5,496,378.55. Ang Environmental Trust Fund (ETF) na nagkakahalaga Php 250,000.00 ay itinalaga ng RTNMC. Ang kasalukuyang halaga ng ETF na nakalagak sa DBP ay Php 287,949.85.

Nakalahad sa **Annex 6.5.1** ang pinirmahang MOA habang nakalahad sa **Annex 6.5.2** ang Statement of Account galling sa bangko na ipinakikita ang perang maaaring gamitin mula ika-30 ng Setyembre 2015.

Nabanggit na ang CLRF ng Gotok Quarry ay parte ng CLRF na gianawa para sa operasyon ng HPP ng CBNC. Para sa gastos sa monitoring ng MMT, ang RTNMC ay hindi ginagamit ang MTF. Kaysa ilabas ang nakadepositong pera, ginagamit ng RTNMC ang pera para sa operasyon.

Sa pagkakataang mayroon nang hiwalay na ECC ang Gotok Limestone Quarry, ang Environmental Protection and Enhancement Program (EPEP) at Final Mine Rehabilitation/Decommissioning Program (FMRDP) ay gagawin para sa operasyon ng Gotok Quarry. Ang pondo para sa CLRF nagagamitin para sa nasabing project ay siyang itatalaga.